

**Panlolokong  
Gumagamit ng  
Pagsusuring  
Henetiko  
2019**



**PAUNAWA MULA SA  
TANOD NG MEDICARE PARA  
SA MGA MATATANDA SA CALIFORNIA!**

May mga taong nagbebenta ng pagsusuring henetiko sa mga benepisyaryo ng Medicare sa pamamagitan ng mga tawag, pulong, at mga klase. Maaaring ginagamit nila ang pagsusuring ito sa panloloko at pang-aabuso sa Medicare.

**Tanungin ang inyong doktor kung ang pagsusuring henetiko ay isang medikal na pangangailangan ninyo.**

**855-613-7080**

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa panloloko sa pangangalagang pangkalusugan, pumunta sa

**[cahealthadvocates.org](http://cahealthadvocates.org)**



Makakabasa sa kabila ng karagdagang mga detalye tungkol sa babalang ito laban sa panloloko.

# BABALA MULA SA TANOD NG MEDICARE PARA SA MGA MATATANDA SA CALIFORNIA!

## Panlolokong Gumagamit ng Pagsusuring Henetiko

Kung aalukan kayo ng “libreng” pagsusuring henetiko o cancer screening, huwag ninyong tanggapin ito. Hindi libreng pagsusuri ito at kailangan itong irekomenda ng inyong pangunahing doktor kung medikal na pangangailangan ninyo.

Pumupunta sa mga senior center o tumatawag sa mga Coordinator ng mga senior residence home ang mga manloloko upang makabenta sa maraming tao.

Tinatawagan ng ibang manloloko ang mga nakatatanda tungkol sa mga genetic testing kit. Karaniwan sinanasabi ng nananawagan na magpapadala ng libreng kit para sa pagsusuring henetiko at hinihiling lamang na ibalik ninyo ang nabuong kit “kasama ang inyong insurance information”. Sa ganoon masingil nila ang Medicare ng ilang libo para sa mahal na pagsusuring henetiko na HINDI ninyo kailangan sa inyong medikal na pangangalaga.

Minsan naman nag-aalok ang mga manloloko ng “ice cream social” upang mas makahikayat o nagsasabing gusto lamang nilang dumalaw at magbigay ng libreng pagtatanghal sa mga naninirahan tungkol sa “libreng” pagsusuring henetiko at/o mga cancer screening. Sa pagtatanghal, hihilingin na ibigay ng mga resident ang kanilang mga Medicare number upang masingil ang insurance ng ilang libo para sa “libreng mga serbisyong” ito.

### Isaisip:

- » **Huwag ibigay ang inyong DNA sa hindi ninyo kilala!** Mag-ingat sa mga taong tumatawag sa inyo, dumadalaw sa mga senior center or senior apartment na nag-aalok ng libreng pagsusuring henetiko at cancer screening. Konsultahin muna ang inyong doktor!
- » **Huwag maging biktima ng medikal na pagnanakaw.** Mag-ingat sa mga taong nangangakong bibigyan kayo ng pagsusuring henetiko at cancer screening na sakop ng Medicare 100%. Nagbabayad ang Medicare para lamang sa mga pagsusuri at paggamot na kinakailangan sa inyong medikal na pangangalaga.
- » **Maghanap ng mga singil sa inyong mga Medicare Summary Notice statement para sa mga di-kinakailangang pagsusuri o screening** na hindi ninyo hiningi o hindi inireseta ng inyong doktor.



Kung makakita kayo ng ganoong pandaraya, mangyaring iulat sa aming California Senior Medicare Patrol (SMP), o Tanod ng Medicare para sa mga Matatanda, sa **855-613-7080**